Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-07 NG DISYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 92-2020**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATADHANA NG PAGKAKALOOB NG KARAGDAGANG FINANCIAL ASSISTANCE SA LAHAT NG CENTENARIAN NA MAGDIRIWANG NG KANYANG KAARAWAN MATAPOS ANG KANYANG IKA-100 TAONG KAARAWAN SA LUNGSOD NG MALOLOS, PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

**AKDA NI: IGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** pangunahin sa layunin ng Pamahalaang Panlunsod ng Malolos ang pagbibigay ng mga benepisyo at pribilehiyo sa mga mamamayan nitong nabibilang sa sektor ng Senior Citizens gayundin ang pagseseguro na ang mga benepisyong ito ay maihahandog o' naibibigay sa kanila sa lahat ng oras;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa tagubilin ng Batas Republika Blg. 10868 o' mas kilala bilang *Centenarian Act of 2016* ang pagkakaloob ng insentibo sa lahat ng Pilipinong magdiriwang ng kanyang ika-100 taong kaarawan kalakip ang isang *Felicitation Letter;*

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** bibihira o' iilan lamang ang umaabot ng isang daang taon sa ating Lungsod na nagsisilbing inspirasyon at isang magandang modelo o' halimbawa sa lahat upang kanilang isabuhay ang isang disiplinado at matiwasay na pamumuhay mula sa kinakain hanggang sa pag-eehersisyo upang marating din ang mas mahabangbuhay;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanilang kalakasan ay kanilang itinaguyod ang kani-kanilang pamilya, ang ating bayan at ang ating bansa kung kaya't marapat lamang na sa kanilang pagtanda ay maging sandigan at kaagapay tayo nila Lolo at Lola;

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1. – PAMAGAT** – Ang Kautusang Panlungsod na ito ay kikilalanin bilang **"EXPANDED CENTENARIAN INCENTIVE ORDINANCE OF THE CITY OF MALOLOS".**

**SEKSYON 2. – SAKOP** – Ang mga tadhanain ng Kautusang Panlungsod na ito ay ipatutupad sa lahat ng nasasakupan ng hurisdiksyon ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos.

**SEKSYON 3. – TADHANAIN** – Itinatadhana ng Kautusang Panlungsod na ito ang pagkakaloob ng karagdagang halagang Dalawampung Libong Piso (Php20,000.00) sa lahat ng magdiriwang ng kanyang kaarawan matapos ang kanyang ika-100 taon o' matapos na makatanggap ng *Centenarian Incentive/Cash Gift* sa halagang Isang Daang Libong Piso taun-taon habang siya ay nabubuhay.

Inaatasan din ang Tanggapan ng Panlungsod na Manggagamot sa pamamagitan ng mga manggagamot ng Lungsod sa mga Rural Health Units (RHU's) na nakakasakop sa tinutuluyan ng mga Centenarian sa Lungsod na personal (house visitation) na magsagawa ng libreng check-up sa lahat ng centenarian ng hindi bababa sa dalawang beses sa isang taon, kalakip ang pagkakaloob ng libreng gamot at bitamina.

**SEKSYON 4.** – Inaatasan ang *Office of the Senior Citizen's Affairs (OSCA)* na magsumite ng talaan ng mga Centenarian sa Lungsod ng Malolos taun-taon sa Tanggapan ng Punong Lungsod upang maisama ito sa paghahanda ng taunang paglalaan;

**SEKSYON 5. – PAGLALAAN NG PONDO** – Inaatasan ang paglalaan ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng Kautusang ito.

**SEKSYON 6. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** – Ang anumang bahagi o' probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maipahayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**SEKSYON 7. – KABISAAN** – Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL L. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

*KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:

______________________
Petsa ng Pagtitibay:

INH. GILBERT T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

*hindinakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12072020